# Huwad na Pag-asa laban sa Tunay na Kasiguruhan

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang isang nakakatuwang bagay na ginawa mo ngayong linggo?
- Itinuturing mo ba ang iyong sarili na isang padalos-dalos mamimili? Bakit oo o bakit hindi?
- Paano mo nasasabi kung ang isang tao ay mapagpakumbaba o hindi? Alalahanin ang isang pagkakataon na nagpapakita nito.

**WORD** *Sabihin mo sa mga mayayaman sa mundong ito na huwag silang maging mayabang o umasa sa kayamanan nilang madaling mawala. Sa halip, umasa sila sa Diyos na nagkakaloob sa atin ng lahat ng bagay na ikasisiya natin.* **1 TIMOTEO 6:17**

---

Sa kanyang sulat kay Timoteo, binigyan ni Pablo ang mga mayayaman ng isang utos. Tayong lahat ay kasama dito sapagkat ang lahat, maging marami man o kaunti ang kanyang pera ay naapektuhan ng tuksong ito. Dapat nating kilalanin na ang Diyos ang pinanggalingan ng lahat ng mayroon tayo. Hindi tayo ang may-ari; tayo ay mga katiwala lamang, at ang kakayahan na gumawa ng kayaman ay nanggagaling sa Kanya (Deuteronomy 8:18). Sa araling ito, ating titignan ang tatlong saloobin na dapat ay mayroon tayo tungkol sa kayamanan at yaman: pagpapakumbaba, pag-asa, at kagalakan.

## 1 Maging mapagpakumbaba.

*. . . Kaya nga sinasabi sa Kasulatan, "Kinakalaban ng Diyos ang mga mapagmataas, pero kinakaawaan niya ang mga mapagpakumbaba."* **SANTIAGO 4:6**

Walang sinuman ang nagtagumpay dahil sa kanilang sariling kakayahan lamang. Bagama't ang ilan sa atin ay mayaman, ang makamundong yaman na ito ay hindi ang pangunahing layunin ng isang Kristiyano, at hindi dapat tayo maging mapanghamak o mayabang dahil dito. Ang lahat ng mabubuting bagay na mayroon tayo ay mula sa Diyos at dahil sa Diyos. Samakatwid, dapat tayong maging mapagpakumbaba sa Kanyang harapan. Bakit tinututulan ng Diyos ang pagiging mapagmalaki?

## 2 Umasa sa Diyos.

*At ito ang dahilan kung bakit nagsisikap at nagtitiyaga tayo sa pagtuturo sa mga tao, dahil umaasa tayo sa Diyos na buhay na siyang Tagapagligtas ng lahat ng tao, lalo na ng mga mananampalataya.* **1 TIMOTEO 4:10**

Dahil sa ang kayamanan at makamundong yaman ay walang katiyakan, ang paglalaan ng pag-asa sa mga ito ay walang saysay. Dapat nating ituon ang ating pag-asa sa totoo at maaasahan – ang Diyos. Bilang Kanyang mga anak, dapat tayong umasa, magtiwala, at tumingin sa Kanya lamang – hindi sa mga regalo, pagpapala, o kung ano mang mga bagay na nahahawakan sa ating buhay. Alalahanin ang isang pagkakataon kung kailan natutunan mong umasa sa Diyos. Paano mo ito nagawa? Ano ang nangyari?

## 3 Ikasiya ang paglalaan ng Diyos.

*Sabihin mo sa mga mayayaman sa mundong ito na huwag silang maging mayabang o umasa sa kayamanan nilang madaling mawala. Sa halip, umasa sila sa Diyos na nagkakaloob sa atin ng lahat ng bagay sa ikakasiya natin.* **1 TIMOTEO 6:17**

Sa maraming pagkakataon, ang ating pananaw ay hinihigpitan tayo ng Diyos at hinahadlangan Niya ang pagkamit natin ng mga bagay. Subalit sinabi sa Bibliya na ang Diyos ay masaganang nagbibigay ng mga bagay na para sa ating ikasisiya. Ang masaganang panustos na ibinibigay ng Diyos ay nagbubunga ng kagalakan, pasasalamat, at pagiging isang pagpapala sa ibang tao. Naniniwala ka ba na ang Diyos ay kaya tayong ipagpala ng higit pa sa ating hinihingi o iniisip (Mga Taga-Efeso 3:20)? Bakit mo ito pinaniniwalaan?

## APPLICATION

- Paano mo magagawang maging mapagpakumbaba ngayong linggo? Ano ang isang bagay na gagawin mo sa ibang pamamaraan?
- Kanino o sa anong bagay mo inilalagay ang iyong pag-asa? Sa anong sitwasyon ka nahihirapang magtiwala sa Diyos? Paano mo magagawang umasa sa Diyos sa araw-araw at sa panahon ng kahirapan?
- Sa iyong palagay, dapat bang ikasiya ng mga Kristiyano ang panustos na nagmumula sa Diyos? Bakit oo o bakit hindi? Paano mo magagawang magkaroon ng pang-unawa na batay sa Bibliya tungkol sa masaganang panustos na nagmumula sa Diyos?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang masaganang paglalaan—at kung paano ang pinakadakilang pagpapala na ibinigay Niya sa iyo ay ang buhay na walang hanggan. Ipanalangin na ikaw ay laging maging matatag sa Diyos.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng walang hanggan at maka-Diyos na pananaw sa bawat sitwasyon na iyong kakaharapin. Ipanalangin na ikaw ay laging maging mapagpakumbaba at na lagi kang aasa sa Diyos anuman ang mangyari.
- Hingin sa Diyos na pagpalain ka upang ikaw ay maging pagpapala sa iba, maging ngayong linggo.

VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph